



Graduation Requirements: Filipino

110, 2700 67 Street
Red Deer, AB T4P 1C2
Phone: 403-341-4423
Fax: 403-341-5574

stjosephhigh.ca

Ano ang “Credits” o KREDITO?

Ang mga “Credits” ay ginagawad para sa matagumpay na pagtatapos ng isang kurso (minimum 50%). Ang isang asignatura o subject na kinukuha araw-araw sa buong semestre ay karaniwang nagkakahalaga ng 5 kredito. Ang isang asignatura o subject na kinukuha tuwing ikalawang araw sa buong semestre ay karaniwang nagkakahalaga ng 3 kredito.

Ang mga kredito ay makukuha ng isang beses lamang sa bawat klase.

1 KREDITO = 25 oras ay pagtuturo o 1 Modyul (Sa St. Joseph High School ang mga Modyul ay nakukumpleto bilang bahagi ng maraming Career and Technology Studies na mga kurso)

3 KREDITO = 62.5 oras ng pagtuturo o kalahating kurso (Sa St. Joseph High School ang mga kursong may 3 kredito ay itinatakda upang ang mga kursong kukunin ng estudyante ay tuwing ikalawang araw.

5 KREDITO = 125 oras ng pagtuturo o isang buong kurso (Sa St. Joseph High School ang mga kursong may 5 kredito ay itinatakda upang ang kurso ay kukunin ng estudyante araw-araw)

Ano ang mga “Prerequisites”?

Ang isang kursong “prerequisite” ay kinakailangang matagumpay na matapos bago makapagpatuloy sa sunod na antas ng isang asignatura. Halimbawa, kinakailangan munang ipasa ang ELA 10-1 bago makuha ang ELA 20-1.

Paano itinalataga ang bilang ng mga Kurso sa Mataas na Paaralan?

GRADE 10 - Ang mga numero ng mga kurso ay nagsisimula sa 1 (Halimbawa English 10-1, Design Studies 10)

GRADE 11 - Ang mga numero ng mga kurso ay nagsisimula sa 2 (Halimbawa English 20-1, Foods 20)

GRADE 12 - Ang mga numero ng mga kurso ay nagsisimula sa 3 (Halimbawa English 30-1, Design Studies 30)

St. Joseph High School Graduation Requirements

Para makatanggap ng Alberta High School Diploma at makalahok sa pagdiriwang ng pagtatapos sa St. Joseph High School, ang isang mag-aaral ay kinakailangang:

1. Makaipon ng 105 credits o higit pa
2. Makumpleto at matugunan ang mga pamantayan ng mga sumusunod:
 - Religious Education 15, 25, and 35 o Religions of the World 30*
 - English Language Arts sa antas na 30*
 - Social Studies sa antas na 30*
 - Mathematics sa antas na 20*
 - Isang *Science* sa antas na 20
 - Physical Education 10 (minimum 3 credits)*
 - Career and Life Management (CALM) (3 credits)*
3. 10 credits mula sa *Career and Technology Studies (CTS)* o *Fine Arts* o *Second Languages* o *Physical Education* (dagdag sa PE 10) o mga kursong binuo/nakuha at itinalagang mga kurso sa *CTS, Fine Arts* o *Second Languages*.
4. 10 credits sa kahit anong kursong nasa antas ng 30 (kasama ang mga binuo sa lokal) dagdag sa *English Language Arts 30-1* o *30-2* at *Social Studies 30-1* o *30-2*